

## Checklist sa Pandinig at Pagsasalita (upang masubaybayan ang pandinig ng iyong sanggol)

### Kapanganakan hanggang sa 3 buwan

- Napapanatag ng pamilyar na mga tunog o boses
- Nagugulat o nagugulantang sa biglaang mga ingay

### 3 hanggang 6 na buwan

- Ibinabaling ang ulo o mga mata sa kawili-wiling mga tunog
- Tila nakikinig
- Agad nagigising ng ingay
- Nagsisimulang gumawa ng mga tunog na parang nagsasalita

### 6 hanggang 12 na buwan

- Nauunawaan ang mga simpleng salita, halimbawa 'hindi' at 'babay'
- Nagsisimulang kopyahin ang mga tunog ng pananalita
- Ibinabaling ang ulo sa malalambot na tunog

### 12 hanggang 18 na buwan

- Tila nadaragdagan ang mga nauunawaang mga salita bawat linggo
- Kapag tinatanong, tumuturo sa mga tao, sa mga bahagi ng katawan o sa mga laruan
- Sumusunod sa simpleng mga tagubilin binibigkas halimbawa, 'umupo'
- Nagsasabi ng dalawa o tatlong tunay na mga salita halimbawa, 'bola', 'aso', 'kotse'

## Appointment sa Audiology ng aking sanggol

Susubukang suriin ng Audiologist ang pandinig ng iyong sanggol mga ilang araw bago ang 12 buwang gulang. Sila ay makikipag-ugnay sa iyo upang ayusin kung kailan.

### Appointment sa Audiology

Serbisyo ng Audiology: .....

Address: .....

Numero ng Telepono: .....

Ugnayang Tao: .....

**Petsa at Oras:** .....

### Paano kung hindi kami makakarating sa appointment?

Kung hindi kayo makakarating sa appointment, sabihan ang iyong Audiologist upang ayusin ang isa pang appointment.

### Paano kung lumipat kami?

Kung lumipat ka sa ibang bayan o lungsod, tawagan ang iyong Audiologist na nasa itaas at maaari nilang ipaalam sa iyo ang Serbisyo ng Audiology na malapit sa inyong lugar.

Kung ang iyong mga detalye ng kontak o tirahan ay nagbago, mangyaring ipaalam ito sa serbisyo ng Audiology, upang maabisuhan ka nila ng mga appointment.

Kung hindi nakipag-ugnay sa iyo ang iyong Audiologist hanggang sa maging isang taong gulang na ang iyong sanggol, kontakin ang iyong Audiologist upang ayusin ang isang appointment.

## Healthy Hearing Program Programa sa Malusog na Pandinig



### Your Baby's Follow-Up Hearing Test Ang Follow-Up na Pagsusuri sa Pandinig ng Iyong Sanggol

Ang pandinig ng isang bata ay maaaring magbago sa paglipas ng panahon.

Ang polyetong ito ay nagpapaliwanag kung bakit mahalaga para sa ilang mga sanggol na masuring-muli ang kanilang pandinig sa pagsapit ng kanilang **ika-1 na Kaarawan**, o mas maaga pa, sa **edad na 6 na linggo** para sa ilang mga natukoy na mga salik ng panganib.



Queensland  
Government

Ang pandinig ay maaaring suriin sa anumang edad. Kung wala kang kasalukuyang pagsangguni para sa isang Audiologist at nag-aalala ka tungkol sa pandinig ng iyong sanggol, humingi sa doktor ng iyong sanggol o kawani ng lokal na klinika ng isang pagsangguni upang masuri ang kaniyang pandinig ng isang Audiologist.

# Ang Malusog na Pandinig ay napakahalaga sa pagsasalita at pag-unlad ng wika ng iyong anak mula sa mga unang buwan ng kapanganakan nito.

## Ang aking sanggol ay pumasa sa kaniyang pagsusuri sa pandinig, bakit kailangan niya ng isa pang pagsusuri sa pandinig?

Ang iyong sanggol ay may isa o higit pang mga salik ng panganib na maaaring magpalaki sa kaniyang tiyansa na magkaroon ng pagkawala ng pandinig sa kanyang pagtanda.

Kung ang iyong sanggol ay may alinman sa mga sumusunod na mga salik ng panganib, siya ay susuriin sa loob ng 6 na linggo pagkatapos ng kaniyang pagsusuri sa pandinig:

- mga sindromas na may kaugnayan sa pagkawala ng pandinig
- mga problema sa ulo/istruktura ng mukha halimbawa, pagkasungsi
- Kung may isa o higit pa sa sumusunod na mga salik ng panganib, ang iyong sanggol ay susuriin sa kaniyang ika-1 kaarawan:
- kasaysayan sa pamilya ng permanenteng pagkawala ng pandinig: ang ibig sabihin nito ay ang mga magulang o mga kapatid ay may pagkawala ng pandinig noong pagkabata pagkakatad sa mga impeksyon sa panahon ng pagbubuntis o panganganak
- tinulungang bentilasyon nang mahigit 5 araw pagkapanganak
- matinding paghihirap sa paghinga sa kapanganakan
- matinding paninilaw ng balat (jaundice)

Kahit na maliit na bilang lang ng mga sanggol na may mga salik ng panganib ang aktwal na magkaroon ng pagkawala ng pandinig, mahalaga pa ring masuri ng isang audiologist ang pandinig ng iyong sanggol kapag ito ay mas matanda na.

## Ano ang isang Audiologist?

Ang Audiologist ay isang espesyalista sa pandinig na may mga kasanayan at kagamitan upang magsagawa ng detalyadong pagsusuri sa pandinig.

## Ang sanggol ko ay tila tumutugon sa tunog. Kailangan pa rin ba niya ng follow-up na mga pagsusuri sa pandinig?


Karamihan sa mga sanggol na may pagkawala ng pandinig ay makakarinig at tutugon pa rin sa ilang mga tunog. Samakatuwid, ang pagtukoy sa pagkawala ng pandinig ay imposible kung walang wastong pagsusuri.

**Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa pandinig ng iyong sanggol, maaari mong tawagan ang iyong Audiologist para sa mas maagang appointment.**

## Ano ang nangyayari sa mga pagsusuri sa pandinig?

Magsasagawa ang Audiologist ng ilang ng mga pagsusuri sa pandinig upang suriin ang iba't ibang bahagi ng sistema ng pandinig ng iyong sanggol. Ipapaliwanag niya ang bawat pagsusuri at mga resulta sa appointment.

Kukumpirmahin ng mga pagsusuri kung ang pandinig ng inyong anak ay normal o kung siya ay nagkaroon ng pagkawala ng pandinig.



**Ang iyong sanggol ay maaaring mangailangan ng isa o dalawang appointment upang magkaroon ng mga resulta.**

## Magkano ang halaga ng pagsusuri sa pandinig?

Ang mga pampublikong serbisyo ng audiology ay libre at magagamit ng mga sanggol na may medicare, ipinanganak man sa pampubliko o pribadong ospital. Kung pinili mong pumunta sa isang pribadong Audiologist, dapat mong talakayin ang mga gastos sa kaniya bago ang appointment.

Ibibigay ng iyong tagasuri ang mga detalye ng mga serbisyo ng Audiology sa inyong lugar.

## Paano kung ang aking sanggol ay may pagkawala ng pandinig?

Kung ang iyong sanggol ay may pansamantalang pagkawala ng pandinig, maaaring nais siyang makitang-muli ng iyong Audiologist. Kung ang pansamantalang pagkawala ng pandinig ay hindi bumubuti, ang Audiologist ay magrekomenda na ipatingin ang iyong sanggol sa isang espesyalista sa Tainga, Ilong at Lalamunan (ENT).

Kung ang iyong sanggol ay may permanenteng pagkawala ng pandinig, isasangguni siya ng iyong Audiologist sa ilan o lahat ng mga sumusunod:

- Klinika sa Pandinig ng Bata
- Espesyalista sa Tainga, Ilong at Lalamunan espesyalista
- Doktor ng Bata
- Pandinig ng Australya (para masukatan ng gamit sa pandinig)
- Queensland Hearing Loss Family Support Service (QLHFSS)
- iba pang mga serbisyo ng espesyalista kung kinakailangan

Ang QHLFSS ay tutulong sa pag-ugnay sa iyo sa mga serbisyong ito.

Ang pagtukoy nang maaga sa pagkawala ng pandinig ay nagbibigay ng pinakamahusay na pagkakataon para umunlad ang pagsasalita at wika ng iyong sanggol. Ito ay mahalaga para sa kaniyang hinaharap na pag-aaral, panlipunan at pandamdaming kagalingan.